# DEKONSTRUKSYON NG TEORYA NI BERGER HINGGIL SA PROSESO NG PAGLALADLAD NG BATANG BEKI

Isang Sulating Pananaliksik na Iniharap sa

Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon

Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

Dasmariñas, Cavite

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa Pangangailangan

Para sa Katibayan ng Pagtatapos ng Kursong

Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Nina

Lydie Mary B. Bobis

Micah J. San Miguel

Marso 2014

**ABSTRAK**

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle – Dasmariñas

**Lokasyon:** Dasmarinas City, Cavite

**Pamagat:** DEKONSTRUKSYON NG TEORYA NI BERGER HINGGIL SA PROSESO NG PAGLALADLAD NG BATANG BEKI

**Mga Mananaliksik:** Bobis, Lydie Mary B.
San Miguel, Micah J.

**Kurso:** Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

**Petsang Sinimulan:** Hunyo 2013

**Petsang Natapos:** Marso 2014

**Saklaw at Limitasyon:** Marami na ang mga pag-aaral patungkol sa homoseksuwalidad partikular na sa mga beki ngunit kaunti pa lamang ang mga nagbibigay-pansin sa mas nakababatang grupo nito kaya pinili ng mga mananaliksik ang mga batang beki na may edad sampu hanggang labing dalawa bilang kalahok. Walong kalahok mula sa iisang seksyon ng klase ang nakatakdang kalahok para sa pag-aaral na ito subalit tatlo lamang sa mga ito ang pinahintulutan ng kanilang mga magulang. Apat sa mga magulang na ito ang tumangging magbigay ng pahintulot sapagkat sila ay hindi pa bukas sa katotohanang ang kanilang mga anak ay itinuturing ang kanilang mga sarili bilang homoseksuwal. Isang bata naman mula sa parehong seksyon ang mismong tumangging maging kalahok sa kadahilanang pangkabuhayan na kung saan isa siya sa inaasahan sa kanilang pamilya kaya't hindi siya makapagbibigay ng oras sa pag-aaral na ito. Ang mga kalahok ay nagmula lamang sa bayan ng Dasmariñas, Cavite. Sa pag-aaral na ito, ang nakalap at

naiinterpretang datos ay maaaring hindi kumatawan sa buong populasyon o sa lahat ng kabilang sa grupong ito.

**Metodolohiya:** Ito ay isang uri ng kuwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng maka-Pilipinong pamamaraan partikular na ang mga katutubong pamamaraan na pagtatanong-tanong, pakikipagpalagayang-loob, at pakikipagkuwentuhan. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng paraang *purposive sampling* sa pagpili ng mga batang beki na naging kabilang sa pag-aaral. Ang mga kalahok na ito ay natutugunan ang mga sumusunod na katangian: (1) may edad sampu hanggang labing dalawa, (2) naninirahan sa probinsya ng Cavite, at (3) bukas sa pamilya ang kanilang katauhan. Ang mga kalahok ay wala pa sa hustong gulang kaya kinailangang makakuha ng permiso ang mga mananaliksik mula sa kanilang mga magulang upang sila ay mapabilang sa pag-aaral na ito. Upang makalap ang mga kinakailangang datos, gumamit ang mga mananaliksik ng gabay na katanungan na dumaan sa at sinuri ng isang ekspertong guro mula sa Departamento ng Sikolohiya ng Pamantasang De La Salle – Dasmariñas na may kaalaman sa larangan ng homoseksuwalidad.

**Mga Napag-alaman sa Pag-aaral:**

1. Napatunayan ng mga mananaliksik na mayroong pinagdadaanang proseso ng paglaladlad ang mga batang kabilang sa ikatlong kasarian.
2. Hindi angkop sa konteksto ng mga Pilipino ang teorya ni Berger na Modelo Para sa Paghubog ng Pagkatao ng Homoseksuwal at base sa karanasan ng mga batang beki ay nakabuo ang mga mananaliksik ng panibagong balangkas.
3. Napatunayan rin ng mga mananaliksik na ang mga batang may edad sampu hanggang labindalawang taong gulang ay bukas na ang isipan sa isyung

seksuwalidad subalit ang mga magulang nila ang nagiging hadlang sa pagiging bukas nila sa usaping ito.

**Rekomendasyon:** Batay sa mga nakalap na datos sa pag-aaral na ito, ang sumusunod ay iminumungkahi ng mga mananaliksik upang makapagdagdag ng kaalaman at kamalayan patungkol sa paksa.

**Mga Magulang ng Batang Beki.** Mas malawak na pang-unawa ang kinakailangan sa isyu ng seksuwalidad upang lubos na maintindihan ang mga anak sa kinakaharap nilang proseso. Nararapat din na pagtibayin lalo ang samahan ng pamilya upang magabayan nang mabuti ang kanilang mga anak sa landas na piniling tahakin.

**Mga Batang Beki.** Iminumungkahi ng mga mananaliksik na maging bukas sa posibilidad na balang araw ay kakailanganin nilang ihayag ang tunay na sarili sa lipunan.

**Sa Lipunan.** Hinihikayat ng mga mananaliksik ang mas malawak na pang-unawa mula sa mga mamamayan at respeto sa mga kabilang sa *LGBT community (lesbian, gay, bisexual, transgender)* upang mawala na ang mga takot sa kanilang sarili na magladlad at ipakita ang tunay nilang katayuan.

**Mga Susunod na Mananaliksik.** Inirerekomenda ng mga mananaliksik na mas pagtibayin pa ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagkuha ng mas maraming kalahok. Maaari din palawakin ang pag-aaral sa proseso ng paglaladlad at alamin kung angkop nga ba ang iba't ibang Kanluraning modelo sa konteksto nating mga Pilipino. Ang relasyon ng mga batang beki sa kanilang mga magulang, kapatid, at kaibigan ay maaari ding bigyang-pansin sapagkat sila ang mga taong may mahalagang parte sa pagbuo ng pagkatao ng mga batang ito.

## TALAAN NG NILALAMAN


**Abstrak** ii

**Katibayan** v

**Pasasalamat** ix

**Kabanata 1. Ang Suliranin at Kaligiran nito**

a. Introduksyon 1

b. Konseptuwal na Balangkas 2

c. Kahalagahan ng Pag-aaral 3

d. Paglalahad ng mga Suliranin 4

e. Saklaw at Limitasyon 4

f. Depinisyon ng mga Salita 5

**Kabanata 2. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

a. Modelo Para sa Paghubog ng Pagkatao ng Homoseksuwal (Berger, 1983) 7

b. Paglaladlad 10

c. Developmental Stage ng mga Bata 14

d. Ang Beki at Kanilang mga Karanasan 15

e. Iba't ibang Proseso ng Paglaladlad 16

**Kabanata 3. Metodolohiya**

a. Disenyo ng Pananaliksik 21

b. Mga Kalahok ng Pananaliksik 22

c. Instrumentasyon ng Pananaliksik 22

d. Hakbangin sa Pagkuha ng mga Datos 23

e. Pagsusuri ng Datos 24

**Kabanata 4. Presentasyon, Pagsusuri at Interpretasyon ng mga Datos**

a. Unang Suliraning Inilahad 25

b. Ikalawang Suliraning Inilahad 26

c. Ikatlong Suliraning Inilahad 31

c.1 Talahanayan 1

**Kabanata 5. Buod, Konklusyon at Rekomendasyon**

a. Buod 36

b. Konklusyon 37

c. Rekomendasyon 37

**Talaan ng mga Sanggunian** 39

**Apendiks**

a. Transkript ng Pahayag ni Angelica

b. Transkript ng Pahayag ni Joshie Ann

c. Transkript ng Pahayag ni RJ

d. Kasunduan

e. Gabay na Katanungan para sa Pakikipagkuwentuhan

f. Liham para sa Validator

g. Liham para sa Punong Guro ng Dasmariñas Central Elementary School

h. Liham para sa Magulang ng mga Kalahok

i. Liham para sa Pag-Edit

j. Curriculum Vitae

AKLATANG EMILIO AGUINALDO · INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas, Cavite, Philippines
Since 1977